Inihahandog ng
Bibliya Para sa mga Bata

Pinapakain ni Hesus ang 5000 (limang libong) Taohan

Isinulat ni: Edward Hughes

Inilarawan nila: Janie Forest

Ibinagay nila: Ruth Klassen

Isinalin ni: Dulia Penalber

Inilimbag at ipinamamahagi
ng Bible for Children
www.M1914.org

©2010 Bible for Children, Inc.
Pahintulot: Ang materyal na ito ay maaaring makopya o malimbag, ngunit hindi maaaring ipagbili.

Maraming mga lider na rilihiyoso (tinatawag ng mga Pariseos) …

... na nag sabi ng mga kasinungalingan tungkol kay Hesus.

Ang iba ay kung maari
lamang ay
patayin
siya.

Hindi sila naniwala na siya ay talagang Anak ng Diyos.

Hindi nila tinanggap siya kahit na maraming siyang ginawang mga …

... milagro na nagpatunay na siya ay talagang Anak ng Diyos.


Isang araw, tumawid si Hesus sa dagat ng Galilea. Marahil kinakaila-ngan magpahinga siya at maiwasan ay pulotong ng mga tao na palaging nakapalibut sa kanya.

Ngunit ang mga pulotong ng mga tao ay humabol sa kanya at natagpuan siya. Alam nila na si Hesus ay gumawa ng maraming dakilang milagro. Gusto nilang manatili sa kanya.

Pinanguluhan ni Hesus ang kanyang mga alagad doon sa bundok na matahimik at nagturo Siya sa mga alagad.

Ngunit nagsidating ang mga tao.
Dumating ang gabi at oras
ng hapunan. Ang lahat ay
tila gutom.

Tiningnan ni Hesus ang pulutong mga tao. "Saan tayo bibili ng tinapay upang mapakain ang mga tao?" Walang tindahan ng pagkain





sa paligid. Ano kaya ang plano ni Hesus na gagawin?



"Maraming pera ang kinakailangan upang mapakain ang lahat," ang sagot ni Felipe kay Hesus.

Ang isang disipulo, si Andres (kapatid ni Simon Pedro) ay nagsabi kay Hesus: "May batang lalake dito na may limang perasong tinapay at dalawang maliliit na isda ..."

"… Ngunit ano iyan sa karamiraming mga tao?"



Si Andres ay hindi nakaunawa kung papaano ang maliit na baon ng batang lalake ay makapa- busog sa maraming mga taohan - kahit ang bata ay handang ibigay ang kanyang baon kay Hesus.



Sinabi ni Hesus, "Paupuon ninyo ang mga tao." Sa ganon ang mga lalake ay nagsiupo, mahigit ng limang libo (5000).

Naku! LIMANG LIBO! Hindi pa kasali ang mga babae at mga bata na nanroon din.

Sunod, kinuha ni Hesus
ang perasong tinapay
at isda. Ang maliit
na batang lalake
ay may
tiwala
kay
Hesus.

Hindi niya alam na kung bakit kailangan ni Hesus ay kanyang baon o hindi niya alam kung anong gagawin ni Hesus.

Noon, nanalangin si Hesus.
Nagpasalamat
siya sa Diyos.
Sa limang
perasong
tinapay at
dalawang
isda? Oo!

Sinanbi ni Hesus, "Salamat sa Iyo" so Panginoong Diyos at hiningi niya ang biyaya ng Diyos doon sa pagkain.

Pagkatapos ng panangin, biniakbiak ni Hesus ang tinapay ang ang isda at ibigay ito sa mga alagad at ipinabigay sa mga tao.

Iyan na nakita ngayon
ng mga tao ang milagro
na giniwa ni Hesus.
Ang bawat isa ay
kumain ng kumain
hanggang sila ay
nabusog. Ngunit
ang tinapay at
ang isda ay
hindi naubos.

Nang ang lahat ay nakakain na, marami pa ang tinapay at isda na natira. "Ipunin ang mga perasos na walang maaksaya," Sinabi ni Hesus sa mga alagad.



Linagay nila ang mga perasos sa labing dalawang (12) buslo, tira ang mga ito sa mga nakakain.



Sa araw na iyon, napakain
ni Hesus ang mahigit ng
limang libong mga tao
sa pamamagitan
ng maliit na
baon ng
batang
lalake.

Isang besis napakain din ni Hesus ang mahigit na apat na libo mga tao sa pamamagitan ng pitong hulmang tinapay at ilang mga isda.

Nang nakita ang pangyayaring ito sa mga pangkaraniwang tao, hindi sila galit na gaya nang mga Paraseo.

Sa halip sinabi nila, “Talaga Siya ay Propeta na dumating sa sanglibutan.”



Alam nila na si Hesus ay
tagapagligtas na ang
kanyang pagdating ay
Pangako sa Banal
na Kasulatan,
ang tunay
na Salita
ng Diyos.

Pinapakain ni Hesus ang 5000
(limang libong) Taohan

isang kuwentong nanggagaling sa
Salita ng Diyos, ang Bibliya,

makikita sa

Juan kapitulo 6

"Ang bukas ng iyong mga Salita ay
nagbibigay ng liwanag." Mga Awit 119:130

Ang Wakas

Sinasabi sa kuwentong ito mula sa Bibliya ang tungkol sa ating kahanga-hangang Diyos na Siyang lumikha sa atin at nais Niya na makilala natin Siya.

Alam ng Diyos na tayo'y nakagawa ng masasamang bagay na tinatawag Niyang kasalanan. Ang parusa sa kasalanan ay kamatayan ngunit lubos ang pagmamahal ng Diyos sa atin kaya't ipinadala Niya ang Kanyang Anak na si Hesus na Siyang napako at namatay sa Krus upang pagbayaran ang ating mga kasalanan.

Subalit hindi nanatiling patay si Hesus. Nabuhay Siyang muli at bumalik sa langit! Kung mananampalataya ka kay Hesus at hihingi ng kapatawaran sa iyong mga kasalanan, papatawarin ka Niya. Siya ay darating at mananahan sa iyong buhay magpakailanman.

Kung ibig mong maligtas at mapatawad sa iyong kasalanan, narito ang isang panalangin na maaari mong tularan:

"Mahal kong Diyos, naniniwala po ako na si Hesus ay namatay para sa akin, ngunit Siya ay nabuhay muli. Tinatanggap ko po kayo sa aking buhay at patawarin Ninyo po ako sa aking mga kasalanan upang ako'y magkaroon ngayon ng bagong buhay, at sa isang araw ay makasama Kayo magpakailanman. Tulungan po Ninyo akong mamuhay bilang Inyong anak. Amen."

Basahin ang Bibliya at manalangin sa Diyos araw-araw! Juan 3:16